

## INTERNATIONAL NAPASA ( March 12th, 2024 )

### 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

しょうなんひらつか ふれあいマーケットのお知らせ

Sa March 24 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

### 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUM

しょうなん ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa March 17 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **URAWA REDS**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng ¥ **2500** para sa matatanda at ¥ **900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang ¥ **500**.

### 3)PAGBEBENTA NG RADYO PARA SA PAG-IWAS SA SAKUNA MULA SA HIRATSUKA

ひらつかし ぼうさい はんぱい しょう 平塚市より防災ラジオの販売のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbebenta ng **RADYO PARA SA PAG-IWAS SA SAKUNA** na nagkakahalaga ng ¥ **2500**, makakapakinig ng iba't-ibang impormasyon tulad ng mga impormasyon sa sakuna at iba pa na awtomatikong naka-konekta sa wireless communication ng administrasyon para sa pag-iwas sa sakuna ng Hiratsuka City. Para sa mga taong nais bumili ay magpatala sa **RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)**, 4<sup>th</sup> floor ng main building ng Hiratsuka City Hall. Telephone No. **0463-21-9863 (0463-21-9863)**. Ang bilang ng ibebenta ay hanggang 100 units.

### 4)UKOL SA MGA TAONG PAPASOK NG ELEMENTARYA AT JUNIOR HIGH SCHOOL

4月に市内の しょうがっこう ちゅうがっこう にゅうがく した かた しょう 4月に市内の 小学校 と 中学校 に 入学 する方 にお知らせ

Noong buwan ng January ay pinadalhan ng **ABISO PARA SA PAGPASOK SA PAARALAN** ang mga tahanan na may mag-aaral na papasok ng Elementarya at Junior High School ngayong taon ng Abril. Kung hindi nakatanggap ng abiso o may mali sa ipinadalang abiso ay sumangguni sa **EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA )**, 7th floor ng main

building ng Hiratsuka City office. At kung meron ding mga dayuhang residente na nais pumasok sa paaralan ay dumirektang makipag-alam sa **EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA )** para sa pag-proseso. Para sa mga katanungan ay maaaring tumawag sa Hiratsuka City **EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA )**. Telephone No. **0463-35-8118 (0463-35-8118)**.

#### 5)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAKUNA NG NEW CORONA VIRUS

しんがた新型せつしゅコロナワクチンの接種しについてのお知らせ

Ang pangkalahatang pagbabakuna ng New Corona Virus sa Hiratsuka City Office ay nagtapos noong nakaraang Nobyembre. At sa March ngayong taon ng 2024 ay matatapos ang pagbabakuna sa mga Institusyong Medikal. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring tumawag sa **CALL CENTER. Telephone Number 0120-751-738 ( 0120-751-738 )**.